ISSN 2672-2879
Tomo 2 Blg. 4, Hulyo-Agosto 2020

# CaraBalitaan

Opisyal na Tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones

## Mga bagong produkto ng DA-PCC, ipinakilala sa *virtual launching ceremony*

NI **CHARLENE JOANINO**

**DA-PCCNHGP — Karagdagang mapagkakakitaan mula sa naiprosesong gatas ng kalabaw ang hatid ng mga bagong produkto na nagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) para sa mga magsasaka. Ipinakilala ang Milkybun, Milk Pops at Nyogurt sa mga *netizen* sa ginanap na *virtual launching ceremony* noong Ika-23 ng Hulyo sa DA-PCC National Headquarters sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.**

Ang aktibidad ay pinangunahan nina DA-PCC *Executive Director* Dr. Arnel Del Barrio, Deputy Executive Director Dr. Caro Salces, Research and Development Division (RDD) *Officer-in-Charge* Dr. Eufrocina Atabay, at RDD-Carabao

SUNDAN SA P. 7



LARAWANG KUHA NI CHRISSALYN MARCELO

## Malawakang pagpapainom ng gatas sa mga bata

NI **MA. CECILIA IRANG**

**DA-PCCNHGP — Kaisa ang DA-PCC sa pagsisikap ng Department of Education (DepEd) na maisakatuparan ang nationwide *School-Based Feeding Program (SBFP)* alinsunod sa Republic Act No. 11037 o "Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act", kung saan 446,628 mga batang kulang sa nutrisyon ang inaasahang mabebenepisyuhan.**

Noong Hunyo 2018, nilagdaan ni Pangulong Duterte ang RA 11037 na naglalayong tugunan ang problema sa malnutrisyon ng mga kabataan sa pamamagitan ng *National Feeding Program.* Isa sa mga bahagi ng programa ang *Milk Feeding Program* gamit ang sariwang gatas o produktong gatas bilang karagdagang sangkap sa *hot meals.*

Ang DA-PCC ang magiging tagapag-ugnay sa pagitan ng DepEd at mga kooperatiba ng mga magkakalabaw na magsusuplay ng gatas.

Ang mga kooperatibang inaasistehan ng DA-PCC na may mga lisensiyang magpatakbo ng negosyo mula sa Food and Drugs Administration ang natukoy nito bilang *suppliers* ng gatas para sa *feeding program.*

Kabilang sa mga ito ay ang Ilocano AI Agri Coop, Northern Ilocos Sur Agri Coop, Bantog Samahang Nayon MPC, Rosario Dairy Farmers

SUNDAN SA P. 7




**Ang Milkybun ay isa sa mga bago at masustansiyang produkto na mula sa gatas ng kalabaw. Bawa't piraso nito ay katumbas ng halos isang basong gatas at may 250 *calories*, 3.83 *fat*, 8.08g *protein*, at 47.60g *carbohydrates*.**

# Pagsusulong ng *urban agriculture*

NI **MARI JOAN NEFULDA**

**DA-PCC sa MMSU — Bilang tugon sa kakulangan ng sapat na pagkain dahil sa pandemya, ang Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Mariano Marcos State University (DA-PCC sa MMSU) ay nagsagawa ng mga interbensyong pang-agrikultura. Sa pakikipagtulungan sa Agricultural Training Institute-Regional Training Center I, Department of Agriculture-Ilocos Norte Research and Experiment Center at Municipal Agriculture Office ng Lungsod ng Batac, ang proyektong "Urban Gardening and Edible Landscaping: Intensifying Vegetable Production Towards a Food Secure Society" ay inilunsad sa lungsod ng Batac noong Hulyo 6.**

Layunin ng proyektong ito na matulungan ang nasa 1,000 kalahok na nakatira sa mga barangay na may maliliit o limitadong lugar.

Nagkaroon ng pagsasanay na nakatuon sa pagtatanim ng gulay sa Batac City at Badoc noong Hulyo 14-16. Nagsagawa rin ng katulad na gawain sa lungsod ng Laoag City noong Hulyo 20-21.

Sa naturang pagsasanay, ibinahagi ng mga piling kawani ng pamahalaan ang kanilang teknikal na kaalaman. Namahagi ng iba't ibang mga gamit bilang panimula ng mga kalahok sa pagtatanim sa kani-kanilang lugar. Nakatanggap sila ng binhi ng gulay, punla, *seedling trays* at *bags, trowels, vermicast, compost, carbonized rice hull,* lubid na *nylon*, at mga babasahin na mapagkukunan ng kaalaman na makatutulong sa kanilang pagtatanim.

Ang proyektong ito ay nakahanay sa programa ng DA-PCC na Gatas, Gulay, at Karne (GGK). Ito ay kabahagi rin ng programa ng DA na "Ahon Lahat, Pagkaing Sapat (ALPAS) Kontra COVID-19" kung saan kabilang ang mga gawain sa *Urban Agriculture* at *Plant Plant Plant Program.*



LARAWANG MULA SA DEPARTMENT OF AGRICULTURE- AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE

# Pagsasanay sa pagpapataas ng lahi ng kalabaw

NI **AILEEN BULUSAN**

**DA-PCC sa CSU — Upang mas lalo pang mapaigting ang pagpaparami ng mga kalabaw na may magandang lahi, nagsasagawa ang Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Cagayan State University (CSU) ng pagsasanay sa "Artificial Insemination (AI) and Pregnancy Diagnosis (PD) in Large Ruminants Under COVID-19 Crisis".**

Alinsunod sa mga *safety protocols* na dulot ng pandemya, anim na kalahok lamang ang pinayagang sumali sa pagsasanay mula Hulyo 5 hanggang Agosto 3.

Upang maiwasan ang paglabag sa mga regulasyon ng Inter-Agency Task Force (IATF), ginawa ng DA-PCC sa CSU ang istratehiyang *Adopt a Trainee Scheme* (ATS). Ito ay ideya ni dating DA-PCC sa CSU *Center Director* Franklin Rellin.

Sa ATS, ginagabayan ng isang VBAIT ang isang *trainee* bilang *mentor* sa *practicum* o aktuwal na pagsasagawa ng AI at PD sa loob ng 23 araw. Kabilang sa mga aktibidad ang koordinasyon at pakikipag-usap sa LGUs sa mga lugar kung saan isasagawa ang AI, PD, *follow-up* AI, *21-days observation* at PD sa lahat ng babaing kalabaw na kanilang na-AI pagkalipas ng tatlong buwan.

Ang *practicum* ang ikalawang hakbang sa sistema sa ATS. Bago ito isagawa, nagkakaroon muna ng *lecture* at *discussion* na tumatagal ng pitong araw. Ilan sa mga tinatalakay ay *AI as a Business, Record and Record Keeping, Best AI Practices* at iba pang paksang may kinalaman sa PD at sa AI.

Sa pagtatapos naman ng ATS, nagkakaroon ng pagsusuri o pagtaya ng kaalaman at kakayahan ng mga kalahok. Dito nagbibigay ang DA-PCC *AI Coordinator* ng pagsubok na oral, *written*, at *practicum*. Iginagawad ang *Certificate of Attendance* sa mga nakapasa.Habang nakatatanggap sila ng karagdagang *Certificate of Completion* pagkaraang makapag-*inseminate* at makapag-PD ng 50 kalabaw.

Isa ang AI sa mga pangunahing inistyatiba ng DA-PCC sa programa nitong *genetic improvement* ng mga kalabaw sa bansa. Taun-taon ay nagsasagawa ang ahensiya ng pagsasanay para sa mga nais maging VBAIT at LGU AI *technicians*. Ito ay upang dumami pa ang bilang ng mga guya at makakuha ng mas maraming gatas na makapagdadagdag ng ani at kita ng mga magsasaka lalo na sa panahon ng krisis.

**Layunin sa inisyatiba na magkaroon ng karagdagang village-based *AI technicians* (VBAIT) at mapadami pang lalo ang *local government unit (LGU)* na makakaugnay ng DA-PCC sa pasasagawa ng AI sa rehiyon II.**



**Nakatuon ang GGK sa mga inisyatibang makatutulong sa produksyon ng pagkain at paglikha ng pangkabuhayan na mapagkukunan ng karagdagang kita para sa mga mabababang sektor ng lipunan na apektado ng pangkalusugang krisis na dulot ng COVID-19.**



# Seminar sa paggawa ng burong damo

NI **BIANCA BARAQUIO**

**DA-PCC sa UPLB — Dalawamput limang magsasakang miyembro ng CABUPALO Dairy Association at Bulihan Farmers Association ang natuto sa paggawa ng *silage* o burong damo dahil sa isinagawang pagsasanay sa Produksiyon ng Silage o Burong Damo sa Barangay Bulihan, Nasugbu, Batangas noong Hulyo 30.**

Ang pagsasanay ay isinagawa ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines-Los Baños (UPLB) sa pakikipagtulungan nito sa Municipal Agriculture Office ng Batangas na pinangungunahan nina Dr. Kit Raymund T. Baral, *veterinarian,* at Rhodora Agapay, *municipal agriculturist.*

Nagkaroon ng diskusyon at aktwal na demonsrasyon sa paggawa ng burong damo at *Urea Molasses Treated Rice Straw (UMTRS).*

Bagaso ng mais ang ginawang *silage.* Ito ay hinati-hati gamit ang *forage chopper,* inilagay sa sako, at siniksik saka siniguradong selyadong mabuti upang hindi ito mabulok o amagin. Sa UMTRS naman, pinaghalu-halo ang dayami, *urea,* pulot, at tubig sa *drum.*

Kailangang iimbak o maghintay ng tatlong linggo para sa *silage* at apat na linggo para sa UMTRS bago ipakain ang mga ito sa kalabaw.

Sa kasalukuyan, anim sa mga kalahok ang nag-aalaga ng kalabaw, nguni't isa lamang sa mga ito ang gumagatas.

Sinimulan nang gumawa ng DA-PCC sa UPLB ng *video* lalo't ang mga susunod na mga pagsasanay ay gagawin nang *online.*



Ang burong damo ay isang uri ng pagkain ng mga kalabaw o baka na inimbak sa selyadong lalagyan.

# Pagtutulungan sa ART-ICDF *project*

NINA **CHARLENE JOANINO** AT **LEINEFE ATON**

**DA-PCC sa USF — Inaasahang mapaiigting pa ang industriya ng pagkakalabaw sa probinsya ng Bohol sa hinaharap kaugnay ng implementasyon ng "Agricultural Rural Transformation thru Integrated Community Dairy Farming (ART-ICDF) Project".**

Nakatakda sa proyekto ang pagtutulungan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center sa Ubay Stock Farm (DA-PCC at USF), National Dairy Authority (NDA), Pamahalaang Panlalawigan ng Bohol, at Bohol Dairy Cooperative (BODACO).

Isinusulong dito na: (1) mapataas ang kita ng mga pamilya ng magsasaka na aabot sa Php30,000 kada taon; (2) mai-*enroll* ang 1,000 gatasang hayop kada taon; at (3) mapunan ng 100% pangangailangan sa *National Feeding Program* (RA 11037) sa probinsya ng Bohol.

"Inilunsad ang proyekto noong Disyembre ng nakaraang taon sa 5th Bohol Dairy Festival, nguni't ang implementasyon ay 2020 at magtatapos ng 2022," ani Dr. Stella Marie Lapiz, Bohol *provincial veterinarian.*

Naglaan ng Php6 milyon ang PLGU ng Bohol para sa *community milk feeding.* Ito ay upang matulungan ang mga magsasakang maggagatas na maibenta ang kanilang aning gatas lalo't hirap itong maipasa sa merkado sa ngayon.

Nangangailangan ng 'di bababa sa 1,250 litro ng gatas kada araw o 150,000 litro sa loob ng 120 *days* ang probinsya upang mapunan nito ang pangangailangan ng 25,000 batang benepisyaryo para sa *feeding program.* 'Di bababa sa 7,583 na gatasang hayop naman ang kailangan. Ito ay batay sa proposal sa naturang proyekto.

May tatlong bahagi ang proyekto. Sa *Phase 1* ay *social mobilization* kung saan ang DA-PCC sa USF, Office of Provincial Veterinarian, at NDA ang tutukoy ng lugar na ipabibilang, bubuo ng *dairy clusters,* magsasagawa ng *marketing* at *orientation* ukol sa proyekto. Ang *Phase 2* naman ay kinabibilangan ng mga pagsasanay, pagtitipon ng mga *stakeholders,* pagpapalaki ng kawan, at pagtatayo ng mga *communal facilities.* Sa *Phase 3,* magtatayo ng mga negosyo. Ang mga inisyatiba nito ay sa *silage production,*

# Pagpapalawig ng kalabawan sa Visayas

NI **EMY GORITTE GORRA**

**DA-PCC sa VSU — Labing apat na magsasakang miyembro ng Baybay Dairy Cooperative (BDC) ang napahiraman ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ng kalabaw bilang bahagi ng pagpapaunlad ng production zone ng Baybay City.**

Isang pormal na paglagda ng *Memorandum of Agreement (MOA)* at entrustment ng labing-limang *purebred Bulgarian Murrah Buffaloes* ang naganap sa Biasong, Baybay City, Leyte. Ito ay isinagawa ng DA-PCC sa Visayas State University (VSU) na pinangunahan ni *officer-in-charge* Dr. Ivy Fe Lopez at BDC noong Agosto 6.

*"Nalipay mig dako na aktibo atong Baybay Dairy Cooperative. Dakong paglantaw atong local government unit diri sa Baybay para sa atong mga mag-uuma ug mangingisda na naa juy makuhaan na panginabuhian maong gibuhat namo among makaya para suportaan mo. Mangayo sad mig kooperasyon sa tanan para mapalambo ug ma sustain nato ang atong nasugdan."* [Lubos ang aming kaligayahan dahil aktibo ang ating Baybay Dairy Cooperative. Gayon nalang ang pagmamalasakit ng ating lokal na pamahalaan dito sa Baybay para sa ating mga magsasaka at mangingisda kung kaya't ginagawa namin ang aming makakaya upang suportahan kayo. Ang hinihingi lang namin ay ang inyong kooperasyon para mapanatili natin ang ating sinimulan, " ani *City Agriculturist* Mora Abarquez sa kanyang mensahe.

Ipinaabot naman ni Gabriel Modina, BDC chairman, sa DA-PCC sa VSU ang pasasalamat sa oportunidad na natanggap at sinabing hindi nila sasayangin ang suporta ng ahensiya sa

**SUNDAN SA P. 7**

**Sa DA-PCC *cooperative conduit scheme,* ang ahensiya ay magkakaloob ng mga *purebred buffaloes* sa isang kooperatiba. Pagkatapos ng *entrustment,* maghahanap ang kooperatiba ng isang kwalipikadong miyembro upang ipamahagi ang naturang kalabaw.**

*feedmill, vermicomposting facility, processing* at *marketing outlets, private partnership,* at *product development.*

Sa pagsisimula ng taon, sinimulan na ang *Phase 1* at nakapag-enroll na ng 500 hayop mula sa mga piling munisipalidad. Habang sa San Miguel, higit sa 40 kalabaw ang nabuntis.

Nitong Hunyo ay nagbigay ng isang traktora ang PLGU sa BODACO bilang tulong sa produksyon ng damong pakain. Ang DA-PCC sa USF ay nakapagbigay na sa nasabing kooperataba ng inisyal na dalawang *sets* ng kagamitan para sa *water system* ng *dairy farmer clusters* sa Mabini, 10 sako ng *dairy concentrates*, at isang 20-kilo *mineral block* bilang parte ng mga aktibidad na nakahanay bilang ayuda mula sa pandemya.

*"Nakita man jud ang dakong potential sa dairy dinhi sa province maong ato gyud gipanghingusgan nga ma implement gud ni siya pinaagi sa atong pagtinabangay"* (Nakita natin ang magandang potensyal ng paggagatas dito sa ating probinsya kaya palalakasin pa natin ito sa pamamagitan ng pagtutulungan ng isa't-isa," ibinahagi naman ni Lapiz.



**"BODACO ang nangongolekta ng mga aning gatas mula sa magsasaka at nangunguna sa negosyo sa paggatasan na mahalaga sa implementasyon ng ART-IDFC *project* dahil ang mga magsasaka ang dahilan kung bakit isinasagawa ang ganitong inisyatiba".**

**Dr. Gundolino Bajenting**
***Officer-In-Charge ng DA-PCC sa USF***

# Dagdag lakas-kalabaw sa CDO

NI **JESON CANDOLE**

**DA-PCC sa CMU — Mahigit sa 50 piling magsasaka at kanilang mga pamilya sa Malasag, F.S. Ang Catanico, at Cugman, Cagayan de Oro (CDO) City ang magiging bahagi ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) *Carabao Development Program (CDP).* Ang naturang programa sa nasabing komunidad ay pinaglaanan ng Php2 milyon.**

Ito ay sa pagtutulungan ng DA-PCC sa Central Mindanao University (CMU) at Oro Integrated Cooperative (OIC).

Nagkaroon ng oriyentasyon ang mga napiling benepisiaryo noong Ika-2 ng Hulyo. Tinalakay ang CDP at mga bahagi nito, partikular ang *Carabao-based Enterprise Development (CBED).* Itinuro rin ang tamang pag-aalaga ng kalabaw.

"Ang co-op ay handang magbigay suporta sa mga benepisyaryong magsasaka at siguraduhing sila`y magtatagumpay sa pagkakalabawan,"ani Killian Deveza, *OIC business development officer.*

Tinalakay nina Jeson Candole, regional information officer ng DA-PCC sa CMU, at Joie Saquilayan, OIC *membership and marketing development officer,* ang mga paksang tungkol sa pagpapaiwi ng hayop at mga pamamaraan ng pagiging kasapi ng kooperatiba.

Habang sina Lina Navarro, kawani ng tanggapan ng CDO 2$^{nd}$ *District Representative* Rufus Rodriguez, at Ilarda Tabalba, konsehal ng barangay ng F.S Catanico ang nagsilibing mga tagapangasiwa.

"Mandato ng PCC ang panatilihin, palaganapin, at isulong ang kalabaw bilang mapagkukunan ng gatas, karne, at draft power. Patuloy nating itataguyod ang mandatong ito para sa kapakinabangan ng mga magsasaka sa kanayunan at ng mga pamayanan na ating pinaglilingkuran," ani Dr. Lowell Paraguas, *center director* ng DA-PCC sa CMU.

Samantala, binigyan diin naman ni Dr. Elena Paraguas, *CBED coordinator,* ang kagandahan ng pagpapataas ng lahi ng *native* na kalabaw upang ito'y maging *crossbred* na mapagkukunan ng gatas at magbigay ng dagdag na kita sa magsasaka.

**Limampung babaing *native* na kalabaw at dalawang *purebred* na bulugan ang ipagkakatiwala sa mga benepisyaryo. Ang mga ito ay magiging katulong ng mga magsasaka sa pagtatanim sa kanilang lupain at sa transportasyon ng kanilang ani.**

Ang proyektong ito ay sinang-ayunan nina Congressman Rodriguez at DA-PCC *Executive Director* Dr. Arnel Del Barrio sa panahon ng pagdinig ng badyet sa *House of the Representatives* noong Setyembre 19.

# Pagsasanay sa AI, PD isinagawa sa Mindanao

NI **RODOLFO JR. VALDEZ**

**DA-PCC sa USM — Anim na mga bagong *artificial insemination* (AI) *technician* ang magiging katuwang na ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa University of Southern Mindanao (USM) sa pagsusulong ng *Carabao Upgrading Program (CUP)* ng ahensiya.**

Sila ang mga matagumpay na nagsipagtapos ng 30 araw na pagsasanay sa *Basic AI and Pregnancy Diagnosis* (PD) noong Hunyo ¬6 hanggang Agosto 4.

Ang mga nagsilahok ay mula sa LGU-Aleosan, LGU- Kabacan, Canahay Dairy Farmer Association, Surallah , D&L Farm, Mlang , at DA-PCC.

"Noong una, naging mahirap para sa akin ang pagsasanay na ito. Talagang masusubok ang kakayahan mo mula sa *time management* hanggang sa pagtiyak na maisasagawa ang serbisyo para sa magsasakang magiging kliyente namin," ani Sharon Mae Serot ng LGU-Aleosan.

Ayon naman kay Junrey Badi ng LGU-Kabacan, naging matagumpay ang paghasa sa kanila ng PCC sa USM dahil sa nabahagian sila ng teknikal na kaalaman gaya ng *estrus synchronization, in vitro,* at *in situ fertilization.*

Binigyan din ng pagkakataon ang mga nagsisipagsanay na makipag-usap sa ilang magkakalabaw hinggil sa AI na nagpalawak pang lalo ng kanilang kaalaman sa nasabing gawain.

"Kung sa panahon ngayon ng pandemya ay may tinatawag tayong *frontliners* upang masugpo ang COVID-19, kayo naman ay *frontliners* sa pagpapalakas at pagpapaigting ng CUP sa inyong mga lokalidad," ani DA-PCC sa USM *Center Director* Benjamin John Basilio.

Ayon naman kay DA-PCC sa USM *AI and Training Coordinator* Jeffrey Rabanal, dahil sa krisis pangkalausugan na kinakaharap ngayon, naging mas madali ang pagsasanay dahil mas natutukan ang mga ito lalo't kakaunti ang bilang ng kalahok.

**Ang CUP ng DA-PCC ay nakatuon sa pagpapataas ng lahi ng kalabaw upang mas mapakinabangan ito ng mga magsasaka sa kanilang kabuhayan.**

Ayon kay *Director* Basilio, may nakatakdang kahalintulad na pagsasanay mula Setyembre 20 hanggang Oktubre 27 ngayong taon.

# Pagpapalawig...

MULA SA P.5

kanilang kooperatiba.

Nagkaroon ng isang oryentasyon sa *Dairy Buffalo Management* na pinamunuan ni Andres Amihan, Jr., *Farm Superintendent II* ng DA-PCC sa VSU, kung saan tinalakay niya ang wastong pangangalaga at pamamahala ng kalabaw. Bahagi ng oryentasyon ang demonstrasyon kung paano gamitin ang *milking machine* at pamamahagi nito sa mga miyembro ng BDC bilang bahagi ng *Shared Service Facility* ng Department of Trade and Industry (DTI-VIII).

Dumalo rin sa entrustment si Mayor Jose Carlos Cari, piling kawani ng lokal na pamahalaan ng Baybay City at kawani ng DA-PCC sa VSU. Ibinahagi ni Mayor Cari ang kanyang sariling mga paraan o proseso sa paggawa ng mga produktong galing sa kalabaw.

Ang benepisyaryong miyembro ng BDC ay mula sa mga barangay ng Biasong, San Agustin, Kabalasan, Hipungo, Pangasugan, at Santa Cruz.




## Mga bagong produkto...

MULA SA P.1

Entreprise Development Section (CEDS) *Head* Mina Abella.

Unang inilunsad ang Milkybun at Milk Pops sa Nueva Ecija noong Mayo. Ang Milkybun ay hango sa Nutri-bun na masustansiyang tinapay. Ito ay isinasama na sa mga *community milk feeding programs* ng DA-PCC.

Ang Milk Pops naman ay tila katulad ng pastillas na hugis bilog. Ito ay may mga flavors na *melon, honeydew, strawberry, chocolate, mango,* at *blueberry.*

"Nyogurt" ang pinakabago sa hanay. Ang naturang pangalan ay hango sa pinaghalong mga salitang "niyog" at "yogurt". Ito ay mainam sa pagtunaw ng kinain, at may sustansiya ng *calcium* at protina. Mayroong itong *flavors* na *plain, strawberry, kiwi,* at *blueberry.* Unang nakilala ang ganitong produkto sa University of the Philippines-Los Baños.

Dumalo rin sa *virtual ceremony* sina Department of Trade and Industry *Nueva Ecija Provincial Director* Brigida Pili, *Provincial Agrarian Reform Officer* Jocelyn Ramones, *at Provincial Tourism Officer Atty.* Jose Maria Ceasar San Pedro.

Ang naturang seremonya ay isinagawa bilang parte ng "72nd Program Management Committee Meeting" ng DA-PCC na dinaluhan ng mga ehekutibo ng nasabing ahensiya, *center directors,* at mga *program coordinators* nito.

## Malawakang pagpapainom ng gatas...

MULA SA P.1

Coop, San Agustin Dairy Coop (SADACO), Integrated Farmers Coop, Eastern PMPC, Catalanacan MPC, NEFEDCCO, Pulong Buli MPC, Bataan Farmers Agri Coop, Tapulao MPC, Llano Farmers MPC, LGU Magdalena Processing Facility, Gen Trias Dairy Raisers MPC, The Rosario Livestock and Agriculture Farming Cooperative, Yamang Bukid Farm Palawan, Mindoro Dairy Coop, Gubat St. Anthony Cooperative/Albay Dairy Plant, Calinog Farmers Agriculture Coop (CAF-AGRI COOP), LAMAC MPC, San Julio Agrarian Reform Beneficiaries Coop, Bohol Dairy Coop, Baybay Dairy Cooperative, Siari Valley Agrarian Reform Beneficiaries MPC (SVARBEMCO), Baclay MPC, Muleta Side Buffalo Dairy Farmers Association MUSBUDA, at D & L Paclibar Dairy Farm.

Naglaan ng kabuuang Php154,319,824 na pondo ang DepEd para sa pagbili ng gatas ng kalabaw na gagamitin sa *nationwide feeding programs.* Ito ay inaasahang mapakikinabangan ng mahigit 400,000 kabataang kulang sa nutrisyon na nasa Kindergarten hanggang Grade 6 at benepisyaryo rin ng SBFP para sa *hot meals.* Ang bawa't bata ay makatatanggap ng 200 ml *toned carabao's milk* sa loob ng hindi bababa sa 20 *feeding days.*

"Itong programa na ito ay hindi lamang makatutulong sa mga batang kulang sa nutrisyon kundi pati na rin sa mga *dairy value chain players* dahil magbibigay ito ng mga oportunidad para magkaroon ng ganap na kabuhayan ang mga maggagatas at mapalago ang lokal na industriya ng paggagatasan," ani DA-PCC *Executive Director* Dr. Arnel Del Barrio.

Isang *memorandum of agreement* ang nilagdaan ng DepEd at DA-PCC para sa pagsasakatuparan ng *Milk Feeding Program* na nakaayon sa mandato at layunin ng RA No. 11037.

Mayroon nang ilang operating MOAs (OMOA) sa pagitan ng DA-PCC at Schools Division Offices (SDO) ng DepEd ang nalagdaan para sa paglulunsad ng programa.

Dahil sa lumalaganap na pandemya, ang bawa't munisipalidad ay magtatalaga ng kani-kanilang *drop-off points* para sa paghahatid, pag-iinspeksyon, at pagtanggap ng gatas. Mula sa *drop-off points,* magbabahay-bahay ang DepEd para maihatid ang gatas ng kalabaw sa mga benepisyaryo.

Ang *Milk Feeding Program,* na dapat ay nailunsad noong Marso nguni't naantala dahil sa pandemya, ay inaasahang ganap na magsisimula sa Agosto.

Maliban sa DA-PCC, nakipag-ugnayan din ang DepEd sa National Dairy Authority sa implementasyon ng *Milk Feeding Program.*

# Pagtutulungan, pagbangon sa gitna ng pandemya

NI **MARY ANTONETTE ANDARZA**

**DA-PCC sa WVSU — Nailapit na sa mga mamamayan ng Iloilo City ang masustansiyang gatas ng kalabaw at sariwang gulay sa pamamagitan ng Kadiwa *Market Display.* Ito'y sa tulong ng Leon Confed Farmers Dairy Association (LECOFADA), isa sa mga inaasistehang samahan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) sa West Visayas State University (WVSU).**

Ang Kadiwa ay isinasagawa ng LECOFADA tatlong beses kada linggo sa mga piling lungsod sa Iloilo. Ang nasabing *market display* ay nagsimula noong buwan ng Abril 2020 bilang bahagi ng DA "Kadiwa on Wheels" kung saan nakapagbebenta ng sariwang gulay at prutas na ani ang mga magsasaka galing sa bayan ng Leon.

Ilan sa mga lugar na inikutan ng Kadiwa on Wheels ay ang Western Visayas Integrated Agricultural Research Center (WESVIARC), Department of Environment and Natural Resources (DENR) Western Visayas, GT Mall Pavia, at Plazuela Dos Farmer's Bazaar.

Ayon kay Perlito Echeche, *chairman* ng LECOFADA, nakapagtatala ng Php7,000-Php25,000 kita kada araw mula sa pagbebenta ng *flavoured buffalo's milk*, prutas, at sariwang gulay.

*"Maayo gid nga may tsansa kita nga makabaligya sa mga sites nga ni. Kis-a makapaubos kita sang flavoured nga gatas sang karabaw, kag madahog ang aton baligya nga mga laswa kag prutas kapin pa gid sa mga empleyado sang mga sites sang aton display. Ginapili sang mga tawo nga magbakal sa aton, kay kabalo sila nga fresh from Leon gid ang aton nga baligya kag barato pa, makabulig pa sa aton mga kasimanwa nga mangunguma* [Mainam at may pakakataon tayong makapagbenta sa mga lugar na ito. Minsan nakakaubos tayo ng *flavoured buffalo's milk* at malakas din ang bentahan ng ating mga gulay at prutas, lalo na sa mga empleyado. Mas pinipili talaga ng mga mamimili na bumili sa atin, dahil alam nilang *fresh* from Leon talaga ang ating mga ibinebenta. Mura na, makakatulong pa sa ating mga kababayang magsasaka]," *tugon ni Ginoong Echeche hinggil sa nagpaptuloy nilang recorida.*

Ang Kadiwa on Wheels na inilunsad ng DA ay naglalayon na matulungan ang mga magsasaka na maibenta ang kanilang ani at produkto samantalang inilalapit sa mga mamimili ang sariwang gulay at prutas sa kabila ng *community quarantine* dulot ng COVID-19 *pandemic.*

Isinasagawa rin ng LECOFADA ang "Buffalo on Wheels" (BMW) kung saan hangad nitong maihatid, maipakilala, at maibenta sa publiko ang gatas ng kalabaw.

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED:ISO 9001 I ISO 14001 I OHSAS 18001

- **DA-PCC sa Mariano Marcos State University**
  Batac, Ilocos Norte
- **DA-PCC sa Cagayan State University**
  Tuguegarao City, Cagayan
- **DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University**
  Rosario, La Union
- **DA-PCC National Headquarters and Gene Pool**
  Science City of Muñoz, Nueva Ecija
- **DA-PCC sa Central Luzon State University**
  Science City of Muñoz, Nueva Ecija
- **DA-PCC sa University of the Philippines-Los Baños**
  Los Baños, Laguna
- **DA-PCC sa Visayas State University**
  Baybay City, Leyte
- **DA-PCC sa West Visayas State University**
  Calinog, Iloilo
- **DA-PCC sa La Carlota Stock Farm**
  La Granja, La Carlota CIty, Negros Occidental
- **DA-PCC sa Ubay Stock Farm**
  Ubay, Bohol
- **DA-PCC sa University of Southern Mindanao**
  Kabacan, North Cotabato
- **DA-PCC sa Central Mindanao University**
  Maramag, Bukidnon
- **DA-PCC sa Mindanao Livestock Production Complex**
  Kalawit, Zamboanga Del Norte


## CaraBalitaan

Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.



## EDITORIAL BOARD

**Editors** Eric P. Palacpac, Rowena G. Bumanlag
**Managing Editor** Charlene S. Joanino
**Regional Managing Editors** Bianca Baraquio, Maria Antonette G. Andarza, Rodolfo Jr. T. Valdez
**Writers** Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino
**Contributors** Maria Antonette G. Andarza, Leinefe L. Aton, Bianca Baraquio, Aileen L. Bulusan, Jeson C. Candole, Emy Goritte E. Gorra , Mari Joan Nefulda, Rodolfo Jr. T. Valdez
**Layout** Chrissalyn L. Marcelo
**Circulation Manager** Charlene S. Joanino
**Executive Director** Arnel N. Del Barrio